# 10 Filipino

## Unang Markahan



PIVOT 4A LEARNER'S MATERIAL

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng worksheets/activity sheets na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI).

CLMD CALABARZON

# Filipino

## Ikasampung Baitang

**Regional Office Management and Development Team:** Job S. Zape, Jr., Elaine T. Balaogan, Romyr L. Lazo, Fe M. Ong-ongowan, Lhovie A. Cauilan at Ephraim L. Gibas

**Schools Division Office Development Team:** Gemma C. Cortez, Leylanie V. Adao, Fragilyn B. Rafael, Paulina C. Cas, Arlin O. Madrid, Ma. Teresa D. Peña, at Genalin D. Concepcion

**Filipino Ikasampung Baitang**
**PIVOT IV-A Learner's Material**
**Unang Markahan**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Pangalawang Patnugot: Ruth L. Fuentes

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material

## Para sa Tagapagpadaloy

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang Filipino. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa pagbibigay sa ating mga mag-aaral ng tamang paraan ng paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pag-unawa sa pagpapakita ng kakayahan nang may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusonod na aralin.

## Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
3. Maging tapat at may integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi sa MELC. Kaya mo ito!

# Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

| | Bahagi ng LM | Nilalaman |
|---|---|---|
| Panimula | Alamin<br>Suriin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na outcome ng pagkatuto para sa araw o lingo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin. |
| Pagpapaunlad | Subukin<br>Tuklasin<br>Pagyamanin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga aktibidad, gawain, nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral, karamihan sa mga gawain ay umiinog lamang sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC lalo na ang bahaging ito ay nagbibigay ng oras para makita ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| Pakikipagpalihan | Isagawa<br>Linangin<br>Iangkop | Ang bahaging ito ay may iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kailangang Knowledge Skills and Attitude (KSA). Pinahihintulutan ng guro ang mga mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga KSA upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kanilang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/ gawain ng buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kanilang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| Paglalapat | Isaisip<br>Tayahin | Ang bahaging ito ay nagtuturo sa mag-aaral ng proseso na maipakikita nila ang mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga at makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kanilang kaalaman sa pagbibigay ng repleksiyon, pag-uugnay o paggamit nang epektibong nito sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mga mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pagsamahin ang mga bago at lumang natutuhan. |

WEEKS 1-2

## Pag-uugnay ng mga Kaisipang Nakapaloob sa Akda

I

Aralin


Sa huling taon mo sa Junior High School, patuloy pang palalawakin at palalalimin ang iyong kaalaman at kasanayan sa Filipino. Gamit ang mga dati nang natutuhan, higit na payayabungin ng mga aralin ang iyong pang-unawa at kawilihan sa pag-aaral ng mga konsepto, akdang pampanitikan at mga kompetensi.

Sa araling ito, pag-aaralan mo ang mga akdang pampanitikang Mediterranean upang makabuo ng kritikal na pagsusuri sa mga akda at maipamalas ang iyong pag-unawa at pagpapahalaga sa mga ito.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang nagagawa mo ang mga sumsusunod: a) napananatili at naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa akda sa nangyari sa sarili, pamilya, pamayanan at lipunan; naiuugnay ang kahulugan ng salita batay sa kayarian nito; c) naipahahayag nang malinaw ang sariling opinyon sa paksang tinalakay; at d) nagagamit nang wasto ang pokus ng pandiwa (tanggap, layon, pinaglalaanan at kagamitan).

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Bigyang kahulugan ang mitolohiya ayon sa dating natutuhan. Ibigay ang mga katangiang taglay nito. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| | |
|---|---|
| **Kahulugan ng Mitolohiya** | |




# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Suriin ang gamit ng pandiwa sa mga sumusunod na pangungusap. Piliin ang letra ng sagot sa loob ng kahon sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. <u>Ikinatuwa</u> ng mga tao ang pagtatagumpay ng pag-iibigan nina Samantha at Paolo.
2. Ang mga nakabasa ay <u>magsusulat</u> din ng mitolohiya.
3. <u>Sumaya</u> ang mukha ng Pangulo ng malamang ligtas na ang bansa sa covid 19.
4. <u>Ipinasara</u> ng Pangulo ang buong Luzon dahil sa covid 19.
5. Dahil sa paghihirap natukso siyang <u>tumalon.</u>

| | |
|---|---|
| A. aksyon | C. pangyayari |
| B. karanasan | D. tagatanggap |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Subukin ang iyong kaalaman tungkol sa mga diyos at diyosa sa Mitolohiya. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.




**- Jupiter** **- Juno** **- Apollo** **- Mars**

**- Minerva** **- Diana** **- Venus** **- Vesta**

1. Siya ang hari ng mga diyos; diyos ng kalawakan at panahon.
2. Itinuturing na diyos ng karunungan, digmaan, at katusuhan.
3. Tinatawag na diyos ng propesiya, liwanag, araw, musika, panulaan.
4. Itinuturing na diyos ng digmaan.
5. Itinalagang diyos ng kagandahan, pag-ibig.
6. Sa anong uri ng akdang pampanitikan mo ito karaniwan mababasa ang tauhang iyong kinilala? Ano ang pagkakakilala mo sa kanila bilang mga tauhan?
7. Ano ang mga karaniwang katangian nila na di makikita sa karaniwang tao?
8. Maituturing bang kahanga-hanga ang kanilang mga katangian? Bakit?

Basahin at unawain ang tekstong nasa ibaba.

**Romulus at Remus**

(Mitolohiya mula sa Roma)

Isang Latinang prinsesa na nagngangalang Rhea ang hinuli ng kaniyang masamang tiyuhin upang hindi siya manganak. Iniwan ni Rhea ang kanyang tiyo at nagpakasal kay Mars, ang diyos ng digmaan. Nagsilang ng kambal na lalaki, sina Romulus at Remus. Ang masamang tiyuhin ay nainggit kung kaya't pinatay niya sina Rhea at Mars. Inutusan niya ang isang alipin upang patayin ang kambal.

Hindi magawang patayin ng alipin ang kambal kung kaya't inilagay niya ang mga ito sa isang basket at pinaanod sa Ilog Tiber. Inampon ang kambal ng isang babaeng lobo na kakamatay pa lamang ng mga anak nito. Inalagaan at pinasuso sina Romulus at Remus ng lobo hanggang sila ay matagpuan at masagip ng isang magpapastol

Itinuring ang kambal na parang tunay na anak ng mag-asawang pastol. Lumaki sina Remus at Romulus na malusog at malakas. Iniwan nila ang tahanan upang magtatag ng siyudad malapit sa Ilog Tiber.

Tinawag niyang Roma ang siyudad hango sa kanyang pangalan at siya ang naging unang hari ng Siyudad sa Roma. Ninais ng kambal na isunod sa kanilang pangalan ang siyudad ngunit hindi sila magkasundo kung sino ang mamumuno sa lungsod. Naglaban ang dalawa at napatay ni Romulus si Remus.

**Gawain sa Pagkatuto 4:** Tukuyin sa loob ng pangungusap ang pandiwang ginamit at suriin ito ayon sa kayarian ng panlaping ginamit. Gamiting gabay ang talahanayan sa pagsagot. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Hinuli si Rhea ng kanyang masamang tiyuhin.
2. Iniwan ni Rhea ang kanyang tiyo at nagpakasal kay Mars.
3. Inutusan niya ang isang alipin upang patayin ang kambal.
4. Inampon ang kambal ng isang babaeng lobo.
5. Naglaban sina Romulus at Remus.

| **PANDIWA** | **PANLAPI** | | | |
|---|---|---|---|---|
| | UNAHAN | GITLAPI | HULAPI | KABILAAN |
| 1. | | | | |
| 2. | | | | |
| 3. | | | | |
| 4. | | | | |
| 5. | | | | |

**Gawain sa Pagkatuto 5:** Sagutin ang mga tanong ayon sa mga detlaye at pangyayari sa kuwento. Sulat angs sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sino ang kinikilalang Latinang Prinsesa?
2. Bakit ipinadakip ang Latinang prinsesa ng kanyang tiyuhin?
3. Ano ang ipinagawa ng masamang tiyuhin nito matapos na siya'y maipadakip
4. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng alipin, gagawin mo rin ba ang kanyang ginawa? Bakit?
5. Sa mga pangyayari sa kuwento, namayani ba ang pagmamahalan sa kambal sa kabila ng matinding pagsubok na pinagdaanan nila sa buhay? Ipaliwanag.

## Ang Mitolohiya ng taga – Roma

Ang salitang mitolohiya ay nangangahulugang agham o pag-aaral ng mga mito/**myth** at alamat. Tumutukoy rin ito sa kalipunan ng mga mito mula sa isang pangkat ng tao sa isang lugar na naglalahad ng kasaysayan ng mga diyos-diyosan noong unang panahon na sinasamba, dinarakila at pinipintakasi ng mga sinaunang tao.

Ang salitang mito o myth ay galing sa salitang Latin na mythos at mula sa Greek na muthos, na ang kahulugan ay kuwento. Ang muthos ay halaw pa sa mu, na ang ibig sabihin ay paglikha ng tunog sa bibig. Sa Klasikal na Mitolohiya ang mito/myth ay representasyon ng marubdob na pangarap at takot ng mga sinaunang tao. Nakatutulong ito upang maunawaan ng mga sinaunang tao ang misteryo ng pagkakalikha ng mundo, ng tao, ng mga katangian ng iba pang nilalang. Ipinaliliwanag rin ditto ang nakakatakot na puwersa ng kalikasan sa daigdig – tulad ng pagpapalit ng panahon, kidlat, baha, kamatayan, at apoy. Ito ay naglalahad ng ibang daigdig tulag ng langit at ilalim ng lupa. Hindi man ito kapani-paniwalang kuwento ng mga diyos, diyosa, at mga bayani, tinuturing itong sagrado at pinaniniwalaang totoong naganap. Karaniwang may kaugnayan ito sa teolohiya at ritwal.

Sa Pilipinas nman, ang mito ay kinabibilangan ng mga kuwentong-bayang naglalahad ng tungkol sa mga anito, diyos, at diyosa, mga kakaibang nilalang, at sa mga pagkagunaw ng daigdig noon. Maaaring matagpuan ang mga mitong ito sa mga kuwentong—bayan at epiko ng mga pangkat-etniko sa kasalukuyan. Mayaman sa ganitong uri ng panitikan ang mga naninirahan sa bulubundukin ng Luzon, Visayas, at Mindanao.

Ang mitolohiya ng mga Taga-Roma ay kadalasang tungkol sa pulitika, ritwal at moralidad na ayon sa batas ng kanilang mga diyos at diyosa mula sa sinaunang Taga-Roma. Kabayanihan ang isang mahalagang tema sa mga kuwentong ito. Itinuturing nila na nangyari sa kanilang kasaysayan ang nilalaman ng mga mito ay mahimala at may elementong **supernatural**.

Ang kanilang mitolohiya ay hinalaw mula sa Greece na kanilang sinakop. Binigyan nila ng bagong pangalan ang karamihan sa mga diyos at diyosa. Ang ilan ay binihisan nila ng ibang katangian. Lumikha sila ng bagong mga diyos at diyosa ayon sa kanilang paniniwala at kultura.

Batay dito, sinikap nilang ipasok ang kanilang pagkakakilanlan sa mga mitolohiyang kanilang nilikha. Isinulat ni Virgil ang "Aeneid", ang pambansang epiko ng Roma at nag-iisang pinakadakilang likha ng Panitikang Latin. Isinalaysay ni Virgil ang pinagmulan ng lahi ng Taga-Roma at kasaysayan nila bilang imperyo. Ito ang naging katapat ng **" Illiad at Odyssey"** *ng* Greece na tinaguriang "Dalawang Pinakadakilang Epiko sa Mundo" na isinalaysay ng diyos at diyosa, at mga mortal na may katangian ng mga diyos at karaniwang mga mortal. Lumikha siya ng magkakarugtong na kuwento na may temang humuhugot ng inspirasyon ang mga manunulat at mga alagad ng sining sa buong daigdig mula noon hanggang ngayon.

Si Ovid na isang makatang Taga-Roma ay sumulat ayon sa taludturang ginamit ni Homer at Virgil sa **"Metamorphoses".** Subalit hindi ito tungkol sa kasaysayan ng **Roman Empire** o ng mga bayani, kundi sa mga diyos at diyosa, at ang mga mortal na may katangian ng mga diyos at karaniwang mga mortal.

**Gamit ng Mitolohiya**

Ipaliwanag ang pagkakalikha ng daigdig

Ipaliwanag ang puwersa ng kalikasan

Maikuwento ang mga sinaunang gawaing panrelihiyon

Magturo ng mabuting aral

Maipaliwanag ang kasaysayan

Maipahayag ang marubdob na pangarap, matinding takot at pag-asa ng sangkatauhan.

Mula sa Literature – World Masterpieces, (Prentice Hall, 1991) at Pantikan sa Pilipino 2 (Pandalubhasaan), (Gonzales, 1982)

**Gamit ng Pandiwa**

1. **Tagaganap –** ang pokus ng pandiwa kung ang paksa o simuno ng pangungusap ang tagaganap ng kilos ng pandiwa. Sinasagot nito ang tanong na **Sino.**

   **Hal.** Nagluto ng masarap na pananghalian si ama**.**

   **Pandiwa – Nagluto / Tagaganap/Aktor – ama**

   Naglaro ng basketbol si Carlo.

   **Pandiwa – Naglaro / Tagaganap/Aktor – Carlo**

2. **Layon o Gol -** ang pokus ng pandiwa kung ang layon ay siyang paksa o binibigyang – diin sa pangungusap. Sinasagot ang tanong na **Ano**.

   **Hal**: Pinag-usapan ng mga tao **ang kaguluhan** naganap sa kanto.

   **Pansinin**: Ang salitang **pinag-usapan** na tumutukoy sa **kaguluhan** na siyang paksa ng pangungusap at makikita rin ang panandang **ang.**

3. **Pinaglalaanan/Tagatanggap –** pokus ng pandiwa ang pandiwa kung ang tao o bagay na nakinabang sa resulta ng kilos ng pandiwa ang paksa ng pangungusap.

   **Hal:** Ipinagluto ni Ina ng paboritong ulam si bunso.

   **Pansinin:** Ang salitang **si bunso** ang nagsisilbing kalaanan o tumatanggap ng kilos ng pandiwang **Ipinagluto**

4. **Kagamitan/Instrumental –** ang tawag sa instrument o kasangkapan sa pagsasagawa ng kilos na isinasaad ng pandiwa na gumaganap bilang paksa o simuno ng pangungusap.

   **Hal:** Ipinantali niya ang lubid sa puno upang hindi matumba sa paparating na bagyo.

   **Pansinin**: Ang simuno o paksa ay ang **lubid** at ang nagsisilbing instrumento sa kilos ng pandiwang **Ipinantali**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Suriin ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat sa patlang kung anong **Pokus ng Pandiwa** ang ginamit. **(Aktor**, **Tagatanggap, Kagamitan** at **Layon).**

1. **Niregaluhan** ni Dindo si ama ng mamahaling relo.
2. **Ipinaglaban** ni Arnold ang pag-ibig nya kay Nora.
3. **Inupuan** niya ang sirang bangko.
4. **Tumakbo** ng matulin si Carlo.
5. **Ipinantali** niya sa kanyang buhok ang malaking laso.

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Bumuo ng isang (1) pangungusap sa bawat pokus ng pandiwang tinalakay. Salungguhitan ang pokus ng pandiwang ginamit. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

| |
|---|
| 1. |
| 2. |
| 3. |
| 4. |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Ibahagi ang iyong damdamin. "Bilang kabataan/ mag-aaral, ano ang mensaheng hatid ng araling ito sa personal mong buhay? Maaari mong ibahagi ito sa pamamagitan ng pagsulat gamit ang gabay na ilustrasyon." Gawin ito sa iyong kuwaderno.



## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Sagutin ang mga sumusunod ayon sa iyong natutuhan sa araling ito. Isulat ang letra ng sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ito'y isang agham o pag-aaral ng mito at alamat.
   A. maikling kuwento C. mitolohiya
   B. dula D. parabula
2. Saan hinango ang salitang mito?
   A. Romano B. Griyego C. Latin D. Niponggo
3. Ito'y paglalahad ng kasaysayan ng mga diyus-diyosan noong unang panahon.
   A. mitolohiya C. maikling kuwento
   B. sanaysay D. kwentong bayan
4. Ang akdang Romulus at Remus ay nasa anong uri ng akdang pampanitikan?
   A. nobela C. sanaysay
   B. maikling kuwento D. mitolohiya
5. Ang mitolohiya ay orihinal na kalinangang nagmula saang lupain?
   A. France B. Barcelona C. Roma D. Greece
6. Anong katangian ng tiyuhin ang masasalamin sa akdang Romulus at Remus?
   A. makasarili C. matapang
   B. mapagmahal D. may malasakit sa kamag-anak
7. Sino ang kinikilalang Latinang prinsesa?
   A. Rosa B. Rona C. Rhea D. Riza
8. Sino ang inatasan ng tiyuhin para isakatuparan ang maitim na balak sa dalawang kambal?
   A. mangangaso C. pastol
   B. alipin D. mangangalakal
9. Ano ang relasyon ng tiyuhin sa dalawang kambal na ipinatapon nito?
   A. ama B. tiyuhin C. kuya D. lolo
10. Saan hinango ang pangalan ng Rome batay sa kasaysayan ng mitolohiyang tinalakay?
    A. Roma B. Romulus C. Romulus at Remus

Para sa bilang 11-14:

A. Pokus na Sanhi C. Pokus na Karanasan
B. Pokus na Pangyayari D. Pokus na Karanasan

11. Si Ian ay **humingi** ng payo sa kanyang kapatid tungkol sa kanyangsuliranin.
12. **Ikinatuwa** ni Ynez ang pagbili ng rosas.
13. **Naggagala** si Dora dahil isa siya sa gumagawa ng travel blog.
14. **Nalungkot** si Darwin dahil suspendido siya sa eskuwela.
15. **Ginawa** lahat ni Enrique ang lahat upang ipaglaban ang kanyang pagmamahal kay Paula.

WEEKS

3-4

I

# Pagbibigay Puna sa Estilo ng May-akda

## Aralin

Pag-aaralan mo sa linggong ito ang tungkol sa parabula at sa mga pang-ugnay. Magbabasa ka ng isang parabula upang mas maunawaan mo ang ibig sabihin nito, ang paksang kadalasang tinatalakay at ang mensaheng nais nitong iparating. Bibigyang pansin mo ang estilo ng pagkakasulat ng mga akdang pampanitikan.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang a) nasusuri mo ang nilalaman, elemento at kakanyahan ng binasang akda gamit ang mga ibinigay na tanong; b) nabibigyang-puna ang estilo ng may akda batay sa mga salita at ekspresyong ginamit sa akda at ang bias ng pagamit ng mga salitang nagpapahayag ng matinding damdamin; at c) nagagamit ang mga angkop na piling pang-ugnay sa pangyayari, pagwawakas.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Suriin ang bawat larawan. Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.









1. Ano ang ipinakikita ng bawat larawan?
2. Anong makabuluhang mensahe ang hatid ng bawat larawan?
3. Paano makatutulong ang mensaheng nakapaloob sa larawan sa ugali ng isang tao?

D

**PARABULA: Ang Tusong Katiwala** (Syria)
(Lukas 16:1-15)

1) Nagsalita uli si Hesus sa kaniyang mga alagad, “May taong mayaman na may isang katiwala. May nagsumbong sa kaniyang nilulustay nito ang kaniyang ari-arian. 2) Kaya’t ipinatawag niya ang katiwala at tinanong, ‘Ano ba itong naririnig ko tungkol sa iyo? Ihanda mo ang ulat ng iyong pangangasiwa sapagkat tatanggalin na kita sa iyong tungkulin.’ 3) Sinabi ng katiwala sa kanyang sarili, ‘Ano ang gagawin ko? Aalisin na ako ng aking amo sa pangangasiwa. Hindi ko kayang magbungkal ng lupa; nahihiya naman akong magpalimos. 4) Alam ko na ang aking gagawin! Maalis man ako sa pangangasiwa ay may tatanggap naman sa akin sa kanilang tahanan.

5) Isa-isa niyang tinawag ang mga may utang sa kaniyang amo. Tinanong niya ang una, ‘Magkano ang utang mo sa aking amo?’ 6) Sumagot ito, ‘Isandaang tapayang langis po.’ ‘Heto ang kasulatan ng iyong pagkakautang. Dali! Maupo ka’t palitan mo, gawin mong limampu,’ sabi ng katiwala. . 7) At tinanong naman niya ang isa, ‘Ikaw, gaano ang utang mo?’ Sumagot ito,‘Isandaang kabang trigo po.“ Heto ang kasulatan ng iyong pagkakautang,’ sabi niya ‘Isulat mo, walumpu. ’ 8) Pinuri ng amo ang tusong katiwala dahil sa katalinuhang ipinamalas nito. Sapagkat ang mga makasanlibutan ay mas mahusay gumawa ng paraan kaysa mga maka-Diyos sa paggamit ng mga bagay ng mundong ito.

9) At nagpatuloy si Hesus sa pagsasalita, “Kaya’t sinasabi ko sa inyo, gamitin ninyo ang kayamanan ng mundong ito sa paggawa ng mabuti sa inyong mga kapwa upang kung maubos na iyon ay tanggapin naman kayo sa tahanang walang hanggan. 10) Ang mapagkakatiwalaan sa maliit na bagay ay mapagkakatiwalaan din sa malaking bagay; ang mandaraya sa maliit na bagay ay mandaraya rin sa malaking bagay. 11) Kaya kung hindi kayo mapagkakatiwalaan sa mga kayamanan ng mundong ito, sino ang magtitiwala sa inyo ng tunay na kayamanan? 12) At kung hindi kayo mapagkakatiwalaan sa kayamanan ng iba, sino ang magbibigay sa inyo ng talagang para sa inyo?

13) “Walang aliping maaaring maglingkod nang sabay sa dalawang panginoon sapagkat kamumuhian niya ang isa at iibigin ang ikalawa, paglilingkuran nang tapat ang isa at hahamakin ang ikalawa. Hindi kayo maaaring maglingkod ng sabay sa Diyos at sa kayamanan.” 14) Nang marinig ito ng mga Pariseo, kinutya nila si Jesus sapagkat sakim sila sa salapi. 15) Kaya’t sinabi niya sa kanila, “Nagpapanggap kayong matuwid sa harap ng mga tao, ngunit alam ng Diyos ang nilalaman ng inyong mga puso. Sapagkat ang itinuturing na mahalaga ng mga tao ay kasuklam-suklam sa paningin ng Diyos.

Ano ang Parabula?

Ang parabula ay maikling salaysay na nagtuturo ng kinikilalang pamantayang moral na karaniwang batayan ng mga kuwento ay nasa Banal na Kasulatan.Realistiko ang banghay at ang mga tauhan ay tao. Ang mga parabula ay may tonong mapagmungkahi at maaaring may sangkap na misteryo. Ito rin ay umaakay sa tao sa matuwid na landas ng buhay.

Elemento ng Parabula:


1. Tauhan - ito ang mga karakter na gumaganap sa istorya o kwento.
2. Tagpuan - tumutukoy sa oras, panahon, at lugar na pinangyarihan ng kuwento.
3. Banghay - ang sunod-sunod na pangyayari na naganap sa kwento.
4. Aral - mga mahalagang matututunan pagkatapos mabasa ang kwento.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sagutin ang mga tanong ayon sa binasa. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ipaliwanag ang suliraning kinakaharap ng katiwala.
2. Ano ang nais patunayan ng katiwala ng bawasan niya ang utang ng mga taong may obligasyon sa kaniyang amo?
3. Kung ikaw ang may-ari ng negosyo, kukunin mo ba ang ganitong uri ng katiwala para sa iyong negosyo?
4. Paano mo maiuugnay ang pangyayari sa parabula sa mga pangyayari sa kasalukuyan? Patunayan ang sagot.
5. Kung ikaw ang amo, ano ang iyong gagawin kung nabalitaan mong nalulugi ang iyong negosyo dahil sa paglustay ng iyong katiwala?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Suriin ang mga pangyayari sa parabula batay sa nilalaman, kakanyahan at elemento Gamitin ang grapikong presentasyon. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Tukuyin ang mga sumusunod na pahayag/ pangyayari sa parabula batay sa nilalaman, kakanyahan at elemento. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ang katiwala ng sakahan.
2. Isang katangian ng akda ay mag-akay sa tamang landas ng buhay ng tao.
3. Ipinatawag ng taong mayaman ang kanyang katiwala dahil sa nababalitaan nito na nilulustay ang kanyang mga ari-arian.
4. "Walang aliping maaaring maglingkod nang sabay sa dalawang panginoon".
5. Ang mga kuwento ng parabula ay hango sa Banal na Kasulatan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Kopyahin ang tsart sa kuwaderno at isulat ang ilang pangyayari na maaaring iugnay sa sariling karanasan o tunay na buhay.

| Pangyayari sa Parabula | Pangyayari sa sariling karanasan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Bigyang-puna ang estilo ng may-akda batay sa salita at ekspresiyong ginamit sa pamamagitan ng pagkilala sa damdaming ipinahahayag sa bahagi ng parabula. Hanapin sa loob ng kahon ang damdaming angkop sa pahayag. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

1. "May taong mayaman na may isang katiwala. May nagsumbong sa kaniyang nilulustay nito ang kanyang ari-arian."
2. "Ano ba itong naririnig ko tungkol sa iyo? Ihanda mo ang ulat ng iyong pangangasiwa sapagkat tatanggalin na kita sa iyong tungkulin"
3. "Ano ang gagawin ko? Aalisin na ako ng aking amo sa pangangasiwa, hindi ko kayang magbungkal ng lupa;nahihiya naman akong magpalimos"
4. "Kaya't sinasabi ko sa inyo, gamitin ninyo ang kayamanan ng mundong ito sa paggawa ng mabuti sa inyong kapwa upang kung maubos na iyon ay tatanggapin naman kayo sa tahanang walang hanggan".
5. "At kung hindi kayo mapagkatiwalaan sa kayamanan ng iba, sino ang magbibigay sa inyo ng talagang para sa inyo?"

| | |
|---|---|
| pagkaawa | panghihinayang |
| lungkot | pag-aalinlangan |
| pagtataka | pagmamalabis |

GRAMATIKA:

Pasalita man o pasulat, nakatutulong sa pag-unawa ng mensahe ng isang diskurso ang paggamit ng mga salitang nagsasama-sama o nag-uugnay ng isang ideya sa mga kasunod na ideya. Tinatawag sa Ingles na **Cohesive Devices** ang ganitong salita. Sa komunikatibong gramatikang ito ng wikang Filipino, tinatawag na **pang-ugnay** ang mga ito. May mga angkop na pang-ugnay na ginagamit sa pagsasalaysay.

Ginagamit sa pagsunod-sunod ng pangyayari ang mga pang-ugnay o panandang pandiskurso. Narito ang mahahalagang gamit nito:

1. **Pagdaragdag at pag-iisa-isa ng mga impormasyon**

Ginagamit ang pang-ugnay sa bahaging ito sa paglalahad ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari o pag-iisa-isa ng mga impormasyon. Kabilang dito ang mga salitang: **pagkatapos, saka, unang,sumunod na araw, sa dakong huli, pati, isa pa at gayon din.**

2. **Pagpapahayag ng mga kaugnayang lohikal**

Ginagamit ang pang-ugnay sa bahaging ito ng paglalahad ng dahilan at bunga, paraan at layunin, paraan at resulta, maging sa pagpapahayag ng kondisyon at kinalabasan. Kabilang na pang-ugnay sa bahaging ito ang dahil sa, sapagkat at kasi.

Samantalang sa paglalahad ng bunga at resulta ginagamit ang pang-ugnay **na kaya, kung kaya, kaya naman, tuloy at bunga.**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Gamitin ang angkop na mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay (pagsisimula, pagpapadaloy ng mga pangyayari, pagwawakas). Piliin ang wastong pang-ugnay. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.


| Pangungusap | Pang-ugnay |
|---|---|
| 1. May nagsumbong sa isang taong mayaman na nilulustay ng kaniyang katiwala ang kanyang ari-arian_____ ipinatawag niya ang katiwala at tinanong. | kaya't, saka |
| 2. _____tinawag ng katiwala ang may utang na isandaang tapayang langis. | unang, pagkatapos |
| 3. _____pinaupo at pinapalitan ng limampu ang kasulatan. | saka, pati |
| 4. _____ang ginawa sa isa pa. Ginawang walumpung kabang trigo mula sa isandaang trigo. | gayon din, dahil sa |
| 5. ______katalinuhan ng katiwala, pinuri ng amo ang tusong katiwala | dahil sa, upang |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Salungguhitan ang angkop na mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay (pagsisimula, pagpapadaloy ng mga pangyayari, pagwawakas). Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Si Mayor Isko Moreno ang kinikilalang pinakamahusay na pinuno sa Maynila kaya naman karapat-dapat lamang na siya ang nabigyan ng parangal.
2. Mataas na ang bilang ng mga nasasawi sa COVID-19 sa Estados Unidos dahil sa hindi pakikiisa ng mga mamamayan dito na manatili sa kanilang tahanan.
3. Nang ianunsyo ni Pang. Duterte ang Enhanced Community Quarantine sa buong Luzon ay maraming nabahala kung paano sila makakaraos sa pang araw -araw na buhay, sa dakong huli ay ang pangulo pa ang kanilang sinisisi.
4. Ang ibang tao ay ipinagwawalang-bahala ang paalala ng mga opisyal ng barangay na bawal lumabas ng tahanan, bunga nito ay marami ang nahuhuli ang barangay at dinadala sa pulisya.
5. Nag-self quarantine si Senador Zubiri nang nagpositibo siya sa COVID-19.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Isulat sa Vertical Scroll ang iyong kaalamang natutuhan tungkol sa pagiging matapat sa sarili, sa kapwa at sa Diyos. Iugnay mo ang iyong kasagutan sa sitwasyon sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Nakita mo ang iyong kamag-aral na nandaya sa pagsusulit. Nais mo itong isumbong sa iyong guro subalit ikaw ay pinagbantaan ng iyong kamag-aral. Nagkaroon ka ng lakas ng loob at ipinagtapat ang katotohanan.



# A

1. Ito ay maikling salaysay na nagtuturo ng kinikilalang pamantayang moral na ang mga kuwento ay nasa Banal na Kasulatan.
   A. Sanaysay B. Epiko C. Pabula D. Parabula

Para sa bilang 2-5:

A. Aral B. Banghay C. Tagpuan D. Tauhan

2. Ang sunod-sunod na pangyayari na naganap sa kuwento.
3. Elemento ng parabula na tumutukoy sa oras, panahon at lugar na pinangyarihan ng kuwento.
4. Sa parabula, realistiko ang _____ at ang mga tauhan ay tao.
5. Ito ay mga mahalagang matututunan pagkatapos mabasa ang kwento.

6. Ang parabula ay may tonong mapagmungkahi at maaaring may sangkap na:
   A. Misteryo B. Kasawian C. Katatawanan D. Katatakutan
7. Walang aliping maaaring maglingkod ng sabay sa:
   A. Dalawang panginoon C. Isang Panginoon
   B. Tatlong panginoon D. Buong Pangkat
8. Sa parabulang Ang Tusong Katiwala, paano natuklasan ng amo na niloloko siya ng kanyang katiwala?
   A. May nagsumbong sa amo C. May nagpadala ng liham
   B. Napanaginipan niya D. Sinabi ng kanyang asawa
9. Ang Syria ay isang bansa na matatagpuan sa:
   A. America B. Africa C. Asya D. Europa
10. Hindi agad nakapaghanda ang mga tao sa utos ng Malakanyang na Enhanced Community Quarantine sa buong Luzon kung kaya marami ang apektado nito. Ano ang ginamit na pang-ugnay?
    A. ang mga B. marami C. agad D. kung kaya
11. Naging positibo sa Covid_19 ang banyagang artistang si Tom Hanks gayon din ang kanyang maybahay na si Rita. Anong ginamit na pang-ugnay sa pangungusap?
    A. naging B. gayon din C. kanya D. ang
12. Ingatan at mahalin ang ating kalikasan sapagkat unti-unti nang nauubos ang mga likas na yaman. Ang pang-ugnay na ginamit ay:
    A. ating B. sapagkat C. unti-unti D. ang mga
13. Ito ay nakatutulong sa pag-unawa ng mensahe ng isang diskurso ang paggamit ng mga salitang nagsasama-sama o nag-uugnay ng isang ideya sa mga kasunod na ideya.
    A. Pang-abay C. Pang-ugnay
    B. Pang-uri D. Pandiwa
14. Laganap sa mundo ang sakit kaya naman pinaaalalahanan ang lahat na magpalakas at ingatan ang kalusugan. Ang may salungguhit ay:
    A. Nagpapahayag ng kaugnayang lohikal
    B. Pagdaragadag at pag-iisa-isa ng impormasyon
    C. Nagpapahayag ng aksyon
    D. Nagpapahayag ng mensahe
15. Ginawang walumpung kabang trigo mula sa isandaang trigo, dahil sa katalinuhan ng katiwala, pinuri ng amo ang tusong katiwala. Ang may salungguhit na pang-ugnay ay :
    A. Nagpapahayag ng kaugnayang lohikal
    B. Pagdaragdag at pag-iisa-isa ng impormasyon
    C.Nagpapahayg ng aksyon
    D. Nagpapahayag ng saloobin

# Pagbibigay Reaksiyon sa mga Kaisipan o Ideya

I

Aralin

Ngayong linggo, pag-aaralan mo ang tungkol sa sanaysay, pangangatwiran at pagbibigay ng sariling pananaw. Mababatid mo ang mga pakahulugang ibinigay ng mga eksperto para dito.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang a) nabibigyang reaksiyon mo ang mga kaisipan o ideya na tinatalakay sa akda; b) natutukoy ang mga salitang magkakapareho o magkakaugnay ang kahulugan; c) naitatala ang mga impormasyon tungkol sa isa sa mga napapanahong isyung pandaigdig; at d) nagagamit ang angkop na pahayag sa pagbibigay ng sariling pananaw.

## ***"Sanaysay: sanay at pagsasalaysay."***

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Gumipit at idikit sa kuwaderno o gumuhit ng larawan ng isang lider o pinuno. Ilagay ang kanyang pangalan. Isulat sa Hanay **A** ang mga katangiang taglay niya bilang isang pinuno at sa Hanay **B** naman ang sa tingin mo ay kailangan pa niyang taglaying katangian. Ibigay ang iyong pananaw kung bakit kailangan niya itong taglayin.

Hanay **A**

Hanay **B**

Pananaw:

# D

Ang Sanaysay ay nagmula sa dalawang salita, sanay at pagsasalaysay. Ito ay isang piraso ng sulatin na kadalasang naglalaman ng punto de vista (pananaw ) ng may-akda. Ito rin ay komposisyon na prosa na may iisang diwa at pananaw. Ito rin ay sistematikong paraan upang maipaliwanag ang isang bagay o pangyayari.

Madalas ginagamit ang sanaysay sa halos lahat ng larangan lalong-lalo na sa agham panlipunan, humanidades at edukasyon. Ayon kay Michael de Montaigne, na sinasabing pinakaunang lumikha ng genre na ito, ito ang pagtatangka o pagsubok sa bagong larangan ng panitikan at ginagamit upang direktang makipagtalastasan sa sinumang mambabasa. Kung ang liriko ay para sa panulaan, ang prosa ay para sa sanaysay.

Ayon naman kay Genoveva Edroza- Matute, ang sanaysay ay pagtataya sa isang paksa sa paraang tuluyan at sa malayang paraang naglalantad ng kaisipan, kuro-kuro, palagay at ng kasiyahan ng sumusulat, upang umaliw, magbigay-kaalaman o magturo. Idinugtong pa niya na ang sanaysay ay isa sa mga anyong higit na nagpapaisip sa pang-unawa, bumubuo at nagpapatibay sa isipa't damdaming bayan.

Mayroong dalawang uri ng sanaysay ito ay Pormal na tumatalakay sa mga seryosong paksa at nangangaiangan ng masusing pag-aaral at malalim na pagkaunawa sa paksa. Naglalaman ng mahahalagang kaisipan at nasa isang mabisang ayos ng pagkakasunod-sunod upang lubos na maunawaan ng bumabasa. Ang Di-Pormal ay tumatalakay naman sa mga paksang magaan, karaniwan, pang-araw-araw at personal. Ito rin ay nagtataglay ng opinion, kuro-kuro at paglalarawan ng isang may-akda.

Ang mga sumusunod ay mga elemento ng sanaysay tulad ng Tema at Nilalaman na may kaugnayan sa paksa ng sanaysay, Anyo at Istruktura na tumutukoy sa maayos na pagkakasunod-sunod ng ideya o pangyayari, Kaisipan na tungkol sa mga ideyang nabanggit na kaugnay o panlinaw sa tema , sa Wika at Istilo na mabuting gumamit ng simple, natural at tapat na pahayag, Larawan ng Buhay, Damdamin na naipapahayag nang may kaangkupan at kawastuhan sa paraang may kalawakan at kaganapan at Himig na naipapahiwatig ang kulay o kalikasan ng damdamin.

Mula sa Aklat na Baybayin ( Paglalayag sa Wika at Panitikan) Batayan at Sanayang Aklat sa Filipino 10, pahina 79.

**Ang Prinsipe**

ni: Nicolo Macchiaveli

Salin ni Moreal Nagarit Camba

(Sanaysay mula sa Italya)

Kapuri-puri para sa isang Prinsipe na panatilihin ang kanyang salita at mamuhay ng may integridad at hindi manlilinlang. Gayumpaman, batay sa ating karanasan sa kasaysayan, ang mga Prisipe ay nakagawa ng mga dakila ay yaong hindi gaanong isinaalang-alang ang pagtangan sa pananampalataya.

Kung gayon, dapat mong malaman na may dalawang paraan ng pakikipagtunggali--- ang isa sa alinsunod sa mga batas, ang isa ay sa pamamagitan ng lakas.

Simula noon, nararapat na malaman ng Prinsipe kung paano gamitin ang likas na katangian ng hayop, kailangan niyang piliin ang maging soro at leon; sapagkat hindi kayang ipagtanggol ng soro ang sarili sa mga lobo. Ang matalinong pinuno, kung gayon, ay hindi dapat at kailangan na magkaroon ng isang salita dahil maaari siyang baliktarin sa pagtalima rito at kung ang dahilan ng pagbibigay niya ng pangako ay nawala na.

Subalit, kailangan niyang itago nang mabuti ang tunay niyang kulay at maging mahusay sa pagkukunwari at panlilinlang. Walang muwang ang mga tao at abala sa kanilang mga pangunahing mga pangangailangan kaya laging may maloloko ang manloloko. Samakatuwid, hindi kailangan taglayin ni isang Prinsipe ang mga nabanggit na katangian, bagkus ay kailangan niyang papaniwalain ang iba na taglay niya ang mga ito.

Dagdag pa rito, maglalakas loob akong sabihin na: "Ang pagkakaroon nito at pag-aasal dito ay nakasasama, subalit ang magpanggap na inaasal ito ay nakakabuti; halimbawa, ang magkunwaring maawain, makatao, mapagkakatiwalaan, maka-Diyos. Dapat maintindihan ito hindi makikita ng Prinsipe lalo na yaong mga baguhan, ang mga mabubuting katangian ng mga tao, sapagkat upang mapanatili ang estado, kinakailangan niyan kumilos laban sa kanyang pananampalataya, sa kabutihan, sa sang-katauhan, sa relihiyon.

Samakatuwid, marapat na maging maingat ang isang Prinsipe sa mga lumalabas sa kanyang labi na hindi ayon sa limang katangian na nabanggit. Walang mas mahalaga kaysa sa mapaniwala na taglay mo ang huling katangian. Nanghuhusga ang tao batay sa kanilang mata kaysa sa kanilang mga kamay: lahat ay nakakakita, subalit iilan lamang ang nakakaramdam.

Sapagkat ang mga karaniwang tao ay laging napapaniwala sa mga hitsura at sa mga bunga ng mga pangyayari. At ang mundo ay puno ng mga taong may magaspang na ugali; ang ilan sa kanila ay walang lugar, samantalang ang marami ay may maluluguran. Isang Prinsipe sa kasalukuyang panahon, mabuting hindi na dapat pangalanan, ay nangangaral ng kapayapaan at pananampalataya, na kapwa niya hindi tinatalima. Kung kapwa niya itong pinaniniwalaan, matagal nang nakuha sa kanya ang kanyang reputasyon o ang kanyang estado.

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Piliin sa loob ng kahon ang tatlong salitang ginamit sa akda na may katulad o kaugnay na kahulugan. Gamitin ito sa pangungusap. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| | | |
|---|---|---|
| Magkunwari | Kasunduan | Panlilinlang |
| Panloloko | Magpanggap | Pangako |

| Salita | Pangungusap |
|---|---|
| a.<br><br>b. | |
| a.<br><br>b. | |
| a.<br><br>b. | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sagutin ang mga tanong ayon sa binasang kuwento. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ayon kay Machiaveli, ano-ano ang katangian ng mahusay na pinuno?
2. Sang-ayon ka ba sa mga katangian na binanggit niya? Bakit?
3. Bakit kailangang maging soro at leon ng isang Prinsipe?
4. Batay sa iyong pagkaunawa, anong ideya ang binibigyang tuon ng may-akda tungkol sa isang pinuno?
5. Ano ang reaksyon mo dito?

**GRAMATIKA**

## Pangangatwiran at Pagbibigay ng Sariling Pananaw

Isa sa mga mahahalagang uri ng diskurso ang pangangatwiran. Ang lohikal na pagsasagawa nito ay dumudulo sa epektibong panghihikayat sa mga mambabasa o tagapakinig pabor sa isang tiyak na tindig o posisyon sa isyu.

Ayon kay Bernales (2009), ang diskursong panghihikayat ay nakatuon sa pgbibigay ng isang sapat at matibay na pagpapaliwanag ng isang isyu o panig upang makahikayat ng mambabasa o tagapakinig.

Ito ay larangan ng pagpapatalas ng kaisipan tungo sa pagpapatibay ng paniniwala o paninindigan (Cabrera, 2008).

Mahalagang taglay ng nagsusulat ang kakayahan sa mahusay na pangangatwiran. Magagawa ito sa pamamagitan ng galing ng diwa upang humikayat ng interes paniniwala ng mambabasa. Mahalaga rin ang mahusay at malalim na pananaliksik bilang paghahanda ng pagbuo ng argumentasyon.

Ang dalawang elemento ng pangangatwiran ay proposisyon at argumento. Ayon kay Melania Abad (2004), ang proposisyon ay mga pahayag na inilahad upang pagtalunan o pag-usapan. Ito ang isang bagay na pinagkakasunduan bago ilahad ang katwiran ng dalawang panig.

Magiging mahirap ang pangangatwiran kung hindi muna ito itatakda sapagkat hindi magkakaisa sa mga batayan ng isyu ang dalawang panig. Narito ang mga halimbawa ng proposisyon.

- Dapat na ipatupad ang *Reproductive Health Bill* para sa epektibong pagpaplano ng pamilya.
- Nakasasama sa pamilya ang pag-alis ng isang miyembro nito upang magtrabaho sa ibang bansa.
- Mas liberal ang kababaihan ngayon kaysa noon.

Maliwanag na ang unang halimbawawa ng proposisyon ay tungkol sa pagiging epektibo ng pagpapatupad ng isang polisiya. Ang ikalawa ay tungkol sa paniniwala sa isang bagay at epekto nito na penomeno at ang ikatlo ay paghahambing kung ano ang mas mabuti o hindi.

Ang pangalawang elemento ng pangangatwiran ay argumento. Ito na ang paglalatag ng mga dahilan at ebidensiya upang maging makatwiran ang iyong panig. Kinakailangan ang malalim na pananaliksik at talas ng pagsusuri sa proposisyon upang makapgbigay ng mahusay na argumento.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Maglahad ng mga pagkakataon o sitwasyon na nangangailangan ng iyong pangangatwiran. Tiyaking malinaw ang proposisyon at ang iyong argumento. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| | |
|---|---|
| Sa pamilya: | |
| Sa barkada: | |
| Sa paaralan: | |
| Sa social media: | |
| Edukasyon | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Sumulat ng maikling sanaysay ukol sa taong hinahangaan mo batay sa kanyang pagiging mabuting lider o pinuno. Ilahad ito batay sa iyong pangangatwiran at sariling pananaw. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

______________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sagutin ang mga sumusunod ayon sa iyong natutuhan sa araling ito. Isulat ang letra ng sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ito ay nagmula sa dalawang salitang *sanay* at *pagsasalaysay.*
   A. maikling kuwento C. mitolohiya
   B. dula D. Sanaysay
2. Uri ng sanaysay na tumatalakay sa mga seryosong paksa at nangangailangan ng masusing pag-aaral at malalim na pagkaunawa sa paksa.
   A. Pormal B. Di - pormal C. Istruktura D. Istilo
3. Elemento ng sanaysay na batay sa pagkakasunod-sunod ng ideya o pangyayari.
   A. Himig C. Anyo at Istruktura
   B. Larawan ng Buhay D. Wika at Istilo
4. Ayon kay Bernales (2009), ang diskursong ito ay naktuon sa pagbibigay ng isang sapat at matibay na pagpapaliwanag ng isang isyu o panig upang makahikayat ng mambabasa o tagapakinig, ano ito?
   pangangatwiran C.. pagsasalaysay
   panghihikayat D. paglalarawan
5. Ayon kay Melania Abad (2004), ito ay mga pahayag na inilalahad upang pagtalunan o pag-usapan, ano ito?
   proposisyon C. argumento
   pangangatwiran D. pagpapaliwanag
6. Ito ay isa sa mahalagang uri ng diskurso, ano ito?
   A. Pagpapahayag C. Argumento
   B. Proposisyon D. Pangangatwiran
7. Kinakailangan ng malalim na _______________ at talas ng pagsusuri sa proposisyon upang makapagbigay ng mahusay na argumento.
   A. Pananaliksik C. Pang-unawa
   B. Pag-iisip D. lahat ng nabanggit.
8. Ito ay piraso ng sulatin na kadalasang naglalaman ng punto de vista o pananaw ng may-akda.
   A. Nobela C. Sanaysay
   B. Maikling Kuwento D. Tula
9. Ito ay isa sa mahalagang uri ng diskurso, ano ito?
   A. Pagpapahayag C. Argumento
   B. Proposisyon D. Pangangatwiran
10. Ito ay piraso ng sulatin na kadalasang naglalaman ng punto de vista o pananaw ng may-akda.
   A .Nobela C. Sanaysay
   B.Maikling Kuwento D. Tula

WEEK 6

# Pagbibigay Interpretasyon sa Suliranin ng mga Tauhan sa Panitikan

I

Aralin

Sa araling ito, tutulungan kang magkaroon ng kaalaman tungkol sa epiko. Mababasa mo ang halimbawa mula sa Greece at pag-aaralan mo ang kasaysayan ng pinagmulan ng epiko.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang a) naibibigay ang sariling interpretasyon sa mga kinakaharap na suliranin ng mga tauhan; b) nabibigyang-puna ang bias ng paggamit ng mga salitang nagpapahayag ng matinding damdamin; at c) nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Kung ikaw ay bibigyan ng kapangyarihan, ano ang gusto mo at bakit? Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

***KAPANGYARIHAN***

D

**EPIKO NI GILGAMESH (Greece)**
Epiko mula sa Mesopotamia
Salin sa Ingles ni N.K.Sandars
Saling-buod sa Filipino ni Cristina S. Chioco

1) Si Gilgamesh, ang hari ng lungsod ng Uruk, na ang dalawang katlo ng pagkatao ay diyos at ang sangkatlo ay tao. Matipuno, matapang, at makapangyarihan. Ngunit mayabang siya at abusado sa kaniyang kapangyarihan. Dahil sa kaniyang pang-aabuso, patuloy na nananalangin ang kaniyang mga nasasakupan na nawa'y makalaya sila sa kaniya.

2) Tinugon ng diyos ang kanilang dasal. Nagpadala ito ng isang taong kasinlakas ni Gilgamesh, si Enkido, na lumaking kasama ng mga hayop sa kagubatan. Nagpang-amok ang dalawa nang sila ay magkita. Nanalo si Gilgamesh. Ngunit sa bandang huli ay naging matalik na magkaibigan sila. Di naglaon ay naging kasa-kasama na ni Gilgamesh si Enkido sa kaniyang mga pakikipaglaban. Una, pinatay nila si Humbaba, ang demonyong nagbabantay sa kagubatan ng Cedar. Pinatag nila ang kagubatan. Nang tangkain nilang siraan ang diyosang si Ishtar, na nagpahayag ng pagnanasa kay Gilgamesh, ipinadala

nito ang toro ng Kalangitan upang wasakin ang kalupaang pinatag nila bilang parusa. Nagapi nina Gilgamesh at Enkido ang toro. Hindi pinahintulutan ng mga diyos ang kanilang kawalan ng paggalang kaya itinakda nilang dapat mamatay ang isa sa kanila, at iyon ay si Enkido na namatay sa matinding karamdaman. Habang nakaratay si Enkido dahil sa matinding karamdaman, sa sama ng loob ay nasabi niya sa kaniyang kaibigan ang ganito: "Ako ang pumutol sa punong Cedar, ako ang nagpatag ng kagubatan, ako ang nakapatay kay Humbaba, at ngayon, tingnan mo kung ano ang nangyari sa akin. Araw-araw ay palala nang palala ang kaniyang karamdaman. Sinabi niya kay Gilgamesh, "Minsan ay binigyan mo ako ng buhay, ngayon ay wala na ako kahit na ano." Sa ikatlong araw ng kaniyang pagkakaratay ay tinawag ni Enkido si Gilgamesh upang siya'y itayo. Mahinang-mahina na siya, at ang kaniyang mga mata ay halos di na makakita sa kaiiyak. Inabot pa ng sampung araw ang kaniyang pagdadalamhati hanggang labindalawang araw. Tinawag niya si Gilgamesh,

"Kaibigan, pinarusahan ako ng mga dakilang diyos at mamamatay akong kahiya-hiya. Hindi ako mamamatay tulad ng mga namatay sa labanan; natatakot akong mamatay, ngunit maligaya ang taong namatay sa pakikipaglaban, kaysa katulad kong nakahihiya ang pagkamatay." Iniyakan ni Gilgamesh ang kaniyang kaibigan. Pinagluksa ni Gilgamesh ang pagkamatay ng kaniyang kaibigan sa loob ng pitong araw at gabi. Sa huli, pinagpatayo niya ito ng estatwa sa tulong ng kaniyang mga tao bilang alaala.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Suriin kung anong damdamin ang nais palutangin sa bawat pahayag at bigyang –puna ang bisa ng paggamit ng mga salitang nagpapahayag ng matinding damdamin. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. "Kaibigan, pinarurusahan ako ng mga dakilang diyos at mamamatay akong kahiya-hiya. Hindi ako mamamatay tulad ng mga ibang namatay sa labanan; natatakot akong mamatay, ngunit maligaya ang taong namatay sa pakikipaglaban, kaysa katulad kong nakakahiya ang pagkamatay".
2. "Ako ang pumutol ng Punong Cedar, ako ang nagpatag ng kagubatan, ako ang nakapatay kay Humbaba, at ngayon tingnan mo ang nangyari sa akin?"
3. "Sino sa mga makapangyarihan sa Uruk ang may ganitong karunungan? Maraming di kapani-paniwalang pangyayari ang nahayag. Bakit ganyan ang nilalaman ng iyong puso?"
4. "Mananalangin ako sa mga diyos dahil ginamit niya ang aking kaibigan upang mahayag ang kasasapitan ng sino man sa pamamagitan ng panaginip".
5. "Minsan ay binigyan mo ako ng buhay, ngayon ay wala na ako kahit na ano."

Ano ang Epiko?

Ang Epiko ay tulang pasalaysay na nagsasaad ng kabayanihan ng pangunahing tauhan na nagtataglay ng katangiang nakahihigit sa karaniwang tao na kadalasan ay buhat sa lipi ng mga diyos at diyosa. Ang paksa ng epiko ay mga kabayanihan ng pangunahing tauhan sa kanyang paglalakbay at pakikidigma. Ang salitang Epiko ay mula sa salitang Griyego "Epos" na ang salawikain o awit at ngayon ay tumutukoy sa kabayanihan na isinasalaysay.

Ang pangkalahatang layunin ng tulang epiko, samakatuwid ay gumising sa damdamin upang hangaan ang pangunahing tauhan. Anupa't naiiba ito sa trahedya na naglalayong pumukaw sa pagkasindak at pagkaawa ng tao. Pinakamahalaga rito ay ang pagtatagumpay laban sa mga suliraning kinakaharap, lalong magaling kung ganap ang pagtatagumpay laban sa matinding mga suliranin, dahil ito'y lalong makapagbibigay-buhay sa layunin ng tula. (Crisanto C.Rivera,1982)

Nagsimula kay Homer ng Greece ang tradisyon ng epiko sa Europa noong 800 BC.Mahalagang mabasa ng mga mag-aaral ng literaturang Ingles ang The Illiad and Odyssey.

GRAMATIKA:

Nakasalalay sa mabisang paglalahad ang pagiging malinaw ng mga pahayag. Sa atin wika, may mga pananda o mga salitang ginagamit upang maging mabisa ang paglalahad ng mga pahayag o maging interaksyunal. ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari ayon sa panahon, maaari nating gamitin ang mga salitang: **una, pangalawa, pangatlo, nang, noon, pagkatapos, sumunod, samantala.**

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gamitin ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Ang bawat bansa ay may 1._____ epiko. Mababasa sa kasaysayan na ang 2._____epiko na naisulat ay ang Epiko ni Gilgamesh.

Sa Europa, 3.______ang kasaysayan ng epiko sa Homer ng Greece, 4._____800 BC.

5._____ ang The Iliad ay Odyssey. Ang mga kilalang manunulat ng epiko sa Europe ay sina Hesiod, Apollonius, Ovid, Lucan at Statius.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Ibahagi ang iyong saloobin sa isang sitwasyon. Isulat ang letra ng sagot sa iyong kuwaderno.

Ikaw ang paboritong apo ng iyong lolo na matanda na. Alam mong siya ay nagtataglay ng isang agimat kung kaya't mahaba ang kanyang buhay. Sinabi niya na gusto niyang ikaw ang magmana ng agimat upang patuloy ang bisa nito. Subalit, labag ito sa iyong kagustuhan. Ano ang gagawin mo? Paano mo ito ipaliliwanag sa iyong lolo?

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Sagutin ang mga sumusunod ayon sa iyong natutuhan sa araling ito. Isulat ang letra ng sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ito ay tulang pasalayasay na nagsasaad ng kabayanihan ng pangunahing tauhan na nagtataglay ng supernatural na kapangyarihan.

| | |
|---|---|
| A. Pabula | C. Mitolohiya |
| B. Epiko | D. Alamat |

2. Isang halimbawa ng epiko sa Pilipinas ay ang Ibalon ng _____.

| | |
|---|---|
| A. Bicol | C. Ifugao |
| B. Ilocos | D. Pampanga |

3. Ang paksa ng epiko ay mga _____ ng pangunahing tauhan sa kanyang paglalakbay at pakikidigma.

| | |
|---|---|
| A. kabayanihan | C. kasawian |
| B. kapalaluan | D. kayamanan |

4. Naging kasa-kasama ni Gilgamesh si Enkido sa kaniyang pakikipaglaban. Una, pinatay nila si Humbaba, ang nagbabantay sa kagubatan ng Cedar. <u>Pangalawa</u>, pinatag ang kagubatan. Ang mga salitang may salungguhit ay nagpapakita ng:

| | |
|---|---|
| A. resulta | C. pagsusunod-sunod |
| B. paglalahad | D. aksyon |

5. "Kaibigan, pinarurusahan ako ng mga diyos at mamamatay akong kahiya-hiya. Natatakot akong mamatay,ngunit maligaya ang taong namatay sa pakikipaglaban,kaysa sa katulad kong nakakahiya ang pagkamatay". Anong damdamin ang binasa sa pahayag na ito?

| | |
|---|---|
| A. nagsisisi | C. nalulungkot |
| B. natatakot | D. nahihiya |

WEEK 7

I

# Pagsusuri sa Binasang Kabanata ng Nobela

Aralin

Ngayong linggo ay pagtutuunang pansin mo ang pag-aaral tungkol sa nobela. Ipaliliwanang sa iyo ang kahulugan at ang mga elemento nito.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang a) nasusuri mo ang binasang kabanata ng nobela bilang isang akdang pampanitikan sa pananaw ng humanism; b) nakikilala mo ang pagkakaugnay-ugnay ng mga salita ayon sa antas o tindi ng kahulugang ipinahahayag nito; c) nagagamit ang mga angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari; at d) nailalarawan ang kultura ng mga tauhan na masasalamin sa kabanata.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Ipaliwanag ang pagkakaunawa mo sa lumang kasabihang nasa ibaba. Sa panahon ngayon, naniniwala ka ba dito? Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

***" O pag-ibig 'pag pumasok sa puso nino man, ha-hamakin ang lahat, masunod ka lamang!"***

D

Ang nobela ay isang mahabang uri ng piksyon na madalas ay nakasulat sa paraan ng prosa. Madalas na binubuo rin ito ng maraming tauhan. Ang ilan sa mga elemento ng dula ay tagpuan o setting na tumutukoy sa lugar at panahon na pinangyarihan ng akda, tauhan na siyang nagpapagalaw at nagbibigay-buhay sa nobela, banghay na binubuo ng mga pangyayari at tema na pakasng –diwa ng nobela.

Ayon kay Ian Watt (1957), unang nagkaroon ng genre na ito sa panitikan noong ika-18 siglo mula sa Gresya at Roma na naunang nakilala bilang sinaunang modernong romansa at nobela. Sinasabing si Miguel de Cervantes ang pinakaunang nobelista sa modernong panahon.

Sa Pilipinas, nakilala ang genre na ito sa katapusan ng ika-19 siglo. Ayon kay Resil Mojare (1978), nadebelop ang uri ng narasyon sa Pilipinas mula sa dinamikong tradisyong oral sa panitikan gaya ng epiko, bago pa man dumating ang mga Kastila. Sa kasalukuyan, laganap ang mga nobelang Pilipino na nakapadron sa modernong nobela ng kanluran.

**Madame Bovary**
**(Nobela mula sa Pransiya)**
**ni Gustave Flaubert**

Isang araw, bumisita si Charles sa isang bukid upang gamutin ang nabaling paa ng may-ari nito. Dito niya nakilala si Emma Rouault, anak ng kanyang ginamot. Maganda at maayos ang pananamit ni Emma na nakatanggap ng mahusay na edukasyon sa isang kumbento. Agad na nagkagusto si Charles sa dalaga at naging madalas ang mga pagbisita niya sa ama nito. Nagselos si Heloise kung kaya't natigil din ang mga pagbisita ni Charles. Kalaunan, nang mamatay ang asawa ni Charles ay sinimulan niyang ligawan si Emma. Binigyan sila ng basbas ng tatay ni Emma at ikinasal.

Pagkatapos ng kasal, natuon ang salysay ng nobela kay Emma. Pagkatapos nilang dumalo sa isang pagtitipon kung saan naging padalos-dalos si Charles ay nagbago na ang pagtingin dito ni Emma. Dahil dito ay naisip ni Charles na kailangan ng bagong kapaligiran ng kanyang asawa kung kaya't nagdesisyon na lumipat sa Yonville. Dito ipinanganak babaeng anak, si Berthe.

Pagkatapos nito'y nagkagusto si Emma sa isa sa matatalinong lalaki., Isang mag-aaral ng abogasya, na si Leon Dupuis. Dahil sa takot at kahihiyan, itinago ni Emma ang pagmamahal kay Leon at ang pagdusta kay Charles, at nagpanggap pa rin na matapat at maarugang asawa at ina.

Isang araw, isang mayaman at mabisyong may-ari ng lupain, si Rodolphe Boulanger, ang nagpadala ng utusan sa doktor upang kuhanan ng dugo. Nakita niya rito si Emma at naisip na posible niyang maakit ang asawa ng doktor. Inimbita niya si Emma na mangabayo habang maluwag namang pumayag si Charles at hindi nag-isip ng kung anupaman. Pagkatapos nito ay nabuo na ang relasyong Rodolphe at Emma na apat na taon nilang itinago. Gayunpaman, walang plano si Rodolphe na seryosohin siya. Dahil dito ay nalungkot nang husto si Emma, nagkasakit at pagkatapos ay bumaling sa pagiging relihiyosa.

Nang malapit nang tuluyang makalimot si Emma, pinilit siya ni Charles na manood ng isang opera so Rouen. Dahil sa panonood nito ay muling nagising ang pagnanais ni Emma sa mapusok na pag-ibig, kasabay nang muli nilang pagkikita ni Leon. Nagkaroon muli sila ng lihim na relasyon. Noong una'y marubdob ang pagmamahalan nila ngunit hindi naglaon ay nayamot na rin si Leon. Kasabay nito, pinagbigyan ni Emma ang sariling luho at pagiging banidosa. Nagkautang siya sa mangangalakal na si Lheureux.

Nang maningil na si Lheurex ng utang sa mga Bovary, nagmakaawa si Emma. Hindi siya pinagbigyan. Dahil sa matinding lungkot, uminom siya ng arsenic at dumanas ng masakit na kamatayan.

Nang matuklasan ni Charles ang mga sulat ni Emma kina Leon at Rodolphe, pinilit niya pa ring unawain at patawarin ang asawang namayapa. Pinili niyang maging mapag-isa habang ang mga hindi nabenatng ari-arian ay sinamsam ni Lheurex upang maging kabayaran sa mga naging utang. Namatay si Charles at naiwan ang kanilang anak na babae sa isang malayong kamag-anak. Sa kanyang pagtanda ay naging trabahador siya sa pagawaan ng bulak.

*PIVOT 4A CALABARZON*

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sagutin ang mga tanong ayon sa iyong binasa. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Saan naganap ang nobelang Madame Bovary?
2. Ilarawan si Charles Bovary Batay sa mga sumusunod:
   - Panlabas at panloob na kaanyuan
   - Kursong natapos
   - Unang napangasawa
3. Sa tingin mo ba ay tama ang pagiging mabuti ni Charles sa kabila ng mga ginagawa ng kanyang asawa? Pangatwiranan ang iyong sagot.
4. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Charles, ano ang gagawin mo kung malaman mong may lihim na relasyon ang iyong asawa?
5. Sa kabila ng trahedyang naganap, kinakitaan mo ba ng tunay na pag-ibig ang nobela? Ipaliwanag ang iyong sagot.

GRAMATIKA:

Panandang Diskurso sa Pagsusunod-sunod

Sa pamamagitan ng mga panandang diskurso ay nagkakaroon ng linaw ang isang tiyak na sulatin o pahayag at nagkakaroon ng organisasyon ng mensahe ng nagsasalita. Gumagamit ng panandang diskurso depende sa uri at at pagkakaayos ng teksto. Maaari itong magpakita ng pagkakasunod-sunod, pagkakaugnay, pagbabago ng paksa o kaya'y pangangatwiranan. Narito ang ilang halimbawa ng panandang diskurso na may kinalaman sa panahon at pagkakasunod-sunod ng pangyayari.

**Panahon at pagkakasunod-sunod:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| at | kapag | habang | hanggang |
| saka | bukod pa | pati | minsan |
| samantala | maya-maya | una | pagkatapos |
| di-naglaon | kasunod nito | noong una | pagkalipas |

**Kinawakasan o sinapit ng pangyayari:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| bunga | sa wakas | | kung gayon |
| samakatuwid | sa gayon | | dahil dito |
| sa dakong huli | tuloy | kaya | kaya naman |

**NOBELA**

Ang nobela ay isang mahalagang uring pampanitikan na nagpapakita ng mga pangyayari na isinulat sa pinakamaayos na pagpaplano at pagbabalangkas ng mga importanteng bahagi at sangkap nito. Ito ay madalas na sumasalamin sa mga isyu sa lipunan.

Mayroong iba't ibang sangkap ang nobela na kinabibilangan ng mga sumusunod:

1. tagpuan - lugar at panahon ng mga pinangyarihan
2. tauhan - nagpapagalaw at nagbibigay buhay sa nobela
3. banghay - pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa nobela
4. pananaw - panauhang ginagamit ng may-akda **a. una** - kapag kasali ang may-akda sa kwento **b. pangalawa -** ang may-akda ay nakikipag-usap, **(c) pangatlo** - batay sa nakikita o obserbasyon ng may-akda
5. tema - paksang-diwang binibigyan ng diin sa nobela
6. damdamin - nagbibigay kulay sa mga pangyayari
7. pamamaraan - istilo ng manunulat
8. pananalita - diyalogong ginagamit sa nobela
9. simbolismo - nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa tao, bagay at pangyayarihan

## A

1. Ito'y isang mahabang uri ng piksyon na madalas ay nakasulat sa paraan ng prosa.
   A. maikling kuwento C. mitolohiya
   B. dula D. nobela
2. Kailan nakilala ang genre ng nobela sa Pilipinas?
   A. Katapusan ng ika-19 siglo C. Katapusan ng ika-17 siglo
   B. Katapusan ng ika-18 siglo D. Katapusan ng ika-16 siglo
3. Ang mga sumusunod ay may kinalaman sa panahon at pagkakasunod-sunod ng pangyayari maliban sa isa, ano ito?
   A. saka C. kapag
   B. noong una D. kung gayon
4. Alin sa mga sumusunod ang hindi ginagamit sa wakas o sinapit ng pangyayari?
   A. Saka C. kung gayon
   B. Samakatuwid D. dahil dito
5. Ito ang elemento ng nobela na tumutukoy sa paksang-diwa.
   A. Banghay C. Tauhan
   B. Tagpuan D. Tema

WEEK 8

# Pagbibigay Halimbawa ng Pangyayari Kaugnay ng Nabasa

I

Aralin

Sa huling linggo ng unang markahan ay pag-aaralan mo ang tungkol sa maikling kuwento at ang mga elemento nito. Pag-aaralan mo ang isang akda na nagmula sa bansang France o Pransiya

Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang a) nakapagbibigay ng mga halimbawang pangyayari sa tunay na buhay kaugnay ng binasa; b) nakapagbibigay-kahulugan sa mahihirap na salita o ekspresyong ginamit sa akda batay sa konteksto ng pangungusap; at nakagagamit ng angkop na mga panghalip bilang panuring sa tauhan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Paganahin ang imahinasyon at maglakbay patungo sa bansang France o Pransiya gamit ang mga larawan sa ibaba. Maaari ring magsaliksik kung may internet. Ano ano ang gusto mo rito? Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.




D

**Maikling Kuwento**

Ito ay isang akdang pampanitikan sa tuluyan na sa pamamagitan ng mga pangungusap at talata'y binubuo ng may-akda upang sa kanyang kapangyarihan at kakayahan bilang isang alagad ng panitikan, mailahad ang isang pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan, makapagkintal ng isang bias sa puso at diwa ng mga mambabasa.

Ito ay likha ng bungang-isip na hango sa isang bahagi ng buhay na tunay na nangyari o maaring mangyari. Sapagkat ito'y may makitid na larangan, mabilis na galaw kaya't tuloy- tuloy ang pagsasalaysay, matipid at payak ang mga pangungusap,kakaunti ang mga tauhan na lagi nang may pangunahing tauhan, payak o karaniwan ang paksa, maikli ang panahong sinakop.

**Elemento ng Maikling Kuwento**

1. **Tauhan** – Ito ay tumutukoy sa mga panauhin sa kwento.
2. **Tagpuan** – Ito ay tumutukoy kung saan naganap ang kwento.
3. **Banghay** – Ito ay tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kwento.

**Mayroong limang (5) bahagi ang banghay:**

**Panimula** – Kung saan at paano nagsimula ang kwento.

**Saglit na Kasiglahan** – Ito ay ang panandaliang pagtatagpo ng mga tauhan sa kwento.

**Kasukdulan** – Dito na nangyayari ang problema sa kwento.

**Kakalasan** – Ito ay tumutukoy sa parte kung saan unti-unti nang naaayos ang problema.

**Wakas** – Ito ay tumutukoy kung paano nagwakas o natapos ang kwento.

4. **Kaisipan** – Ito ay ang mensahe ng maikling kwento sa mambabasa.
5. **Suliranin** – Ito ay tumutukoy sa problemang ikinakaharap ng tauhan sa kwento.
6. **Tunggalian** – Ito ay maaaring tao laban sa tao, tao laban sa sarili, tao laban sa lipunan, o tao laban sa kalikasan.
7. **Paksang Diwa** – Ito ay ang pinaka-kaluluwa ng kwento.

**Pagsusuri ng Maikling Kwento:**

Ang **aral** ang paksang diwa ng maikling kwento. Ito ang mensaheng nais iwan ng manunulat sa lahat ng mga bumabasa ng kanyang akda.

Ang **buod** ay ang pinaikling bersyon ng kwento. ito ang naglalahad ng kaisipan at aral na natutunan mula sa pagbasa ng maikling kwento.

Ang **tauhan** ang mahalagang elemento ng maikling kwento sapagkat sa kanila nakasalalay ang organisado at malinaw na pagbabahagi o paglalahad ng akda.

**Dalawang uri ng Tauhan sa Maikling Kuwento**

**Tauhang Bilog** – nagbabago ang katuhan sa kabuuang ng akda

**Tauhang Lapad** – tauhang kung saan hindi nagbabago ang pagkato mula sa simula hanggang katapusan.

*Kuwento ng Tauhan – isang uri ng kuwentong ang higit na binibigyang-halaga o diin ay kilos o galaw, ang pagsasalita at pangungusap at kaisipan ng isang tauhan. Naglalarawan ito ng iisang kakintalan sa taong inilalarawan o pinapaksa. Kumakatawan siya sa kabuuan ng kuwento sa pamamagitan ng ano mang nangingibabaw na ideya o ng mga kabuluhan sa kuwento. Nangingibabaw rito ang isang masusing pag-aaral at paglalarawan sa tunay na pagkatao ng tauhan sa katha.

**Ang Kuwentas**

ni Guy de Maupassant

Si Mathilde Loisel ay isang magandang babae ngunit simple lamang ang napangasawa na nagtatrabaho sa Kagawaran ng Instruksyon Publiko. Hindi marangya ang kanilang pamumuhay na madalas na ikalungkot niya.

Isang gabi ay dumating ang kanyang asawa na may dalang imbitasyon na sa palagay niya ay ikatutuwa ng asawa. Iniimbitahan sila sa isang magarbong pagdiriwang sa palasyo at napakahirap makakuha nito. Sa halip na matuwa ay nagalit pa ang babae at sinabing wala nman siyang maayos na maisusuot.

Iminungkahi ni Monsieur Loisel na magsuot na lamang ng mga sariwang bulaklak bilang palamuti sa damit sapagkat maganda naman ito at napapanahon. Lalo lamang ikinababahala ni Mathilde ang pagdalo dahil sa suliraning ito. Naisip niyang kahiya-hiya siya dahil magmumukhang mahirap siya sa lahat ng babaeng dadalo.

Upang mapasaya ang asawa, iminungkahi ng ginoo na humiram ng alahas kay Madame Forestier. Hindi nagdalawang isip ang kaibigan at ipinahiram dito ang napakagandang diyamanteng kuwentas.

Sa gabi ng okasyon ay naging sentro ng atensiyon si Mathilde. Siya ang naging pinakamaganda at napakaraming humanga. Marami ang nakipagsayaw ng waltz sa kanya kabilang ang may matataas na katungkulan sa pamahalaan. Inabot na sila ng ika-apat ng umaga sa pakikipagsayaw.

Naglakad lamang sila sa kanilang pag-uwi. Pagdating ng bahay ay napansin ni Mathilde na wala na ang kuwentas. Hindi na nila ito mahanap. Dahil kailangan na itong maibalik ay humanap sila ng kamukhang kamukha nito sa halagang tatlumpu't apat na libong prangko. Ito ang isnauli niya sa kaibigan.

Dahil naubos ang minana niya at nangutang pa ang asawa upang mabayaran ang biniling kuwentas, sampung taon silang naghirap at nagtiis.

Isang araw habang naglalakad ay nakasalubong ni Mathilde ang kaibigan at tinawag na Jane…si Madam Forestier. Hindi siya nito nakilala kaya ipinaalala niyang siya si Mathilde.

Gulat na gulat ito at sinabing tumanda si Mathilde nang husto. Nai-kwento niya na naiwala niya ang kuwentas at nagbayad ng malaking halaga. Namroblema siya buong buhay niya at pinagdusahan iyon.

Hindi makapaniwala ang kaibigan sa nalaman. Sinabi niya na peke ang kaniyang ipinahiram at nasa halagang limandaang prangko lamang.

*PIVOT 4A CALABARZON*

Ang isang babasahin o teksto ay binubuo ng magkakahiwalay na mga pangungusap o sugnay? Ang mga pangungusap o sugnay na ito bagaman magkakahiwalay ay pinagdugtong o pinag-uugnay ng mga gamit pang-ugnay o kohesyong gramatikal. Ginagamit na pang-ugnay na ito ay reperensya na kung tawagin ay anapora at katapora.

Ang **anapora** ay mga reperensya na kalimitan ay panghalili na tumutukoy sa mga nabanggit na sa unahan ng teksto o pangungusap.

Hal. Ang mga kababaihan sa Pilipinas ay kilala bilang mga matapang at lumaban para sa karapatan. Sila ay hinahangaan ng mundo dahil sa mga katangiang isinaad.

Ang **katapora** naman ay reperensya na bumabanggit, at tumutukoy sa mga bagay na nasa hulihan pa ang teksto o pangungusap.

Hal. Siya'y hindi karapat-dapat na magtaglay ng aking apelyido, si Felix ay kahiya-hiya!

Kahit gaano siya katatag, kailangan pa rin ng isang anak ang gabay ng mga magulang.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sagutin ang mga sumusunod ayon sa iyong natutuhan sa araling ito. Isulat ang letra ng sagot sa iyong kuwaderno.

1. Anong uri ng alahas ang naiwala ni Mathilde na hiniram nito sa kanyang mayamang kaibigang si Foreister, nang siya'y dumalo sa isang maringal na pagtitipon?
   A. singsing B. hikaw C. bracelet D. kwintas
2. Sino ang mayamang kaibigan ni Mathilde ang iminungkahi ni G. Loisel na hiraman nito ng ilang hiyas?
   A. Foreister C. Lorna
   B. Cathy D. Francesca
3. Sa anong uri ng maikling kuwento nakapaloob ang akdang Mathilde?
   A. Kuwento ng tauhan C. kuwento ng pag-ibig
   B. Kuwento ng kasaysayan D. kuwento ng katatawanan
4. Ito ay isang reperensya na kalimitan ay panghalili na tumutukoy sa mga nabanggit na sa unahan ng teksto o pangungusap.
   A. anapora C. pandiwa
   B. katapora D. panghalip
5. Tauhan sa kuwento na kung saan hindi nagbabago ang pagkatao mula sa simula hanggang katapusan.
   A. Tauhang lapad C. Protagonista
   B. Tauhang bilog D. Antagonista

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, local 420/421

Email Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph